



Suspension factsheet: supporting your child's wellbeing

Parent/carer information

Suspension factsheet: pagsusuporta sa kapakanan ng iyong anak

Impormasyon para sa magulang/tagapag-alaga

Paano masuportahan ang iyong anak

Ang isang magandang pagsimulan sa pagsusuporta sa kalusugan at kapakanan ng iyong anak sa panahon ng kanyang pagkasuspindi ay ang pagkolekta ng impormasyon at payo mula sa mga eksperto. Para sa mga praktikal na payo at impormasyon sa pagsuporta sa kapakanan ng iyong anak, tingnan ang mga mapagkukunan sa susunod na pahina:

- Kapakanan ([Wellbeing](#))

Ang positibo at bukas na pakikipag-usap sa pagitan ng tahanan at paaralan ay nakakatulong na magbigay sa mga estudyante ng pinakamagandang pagkakataon na magtagumpay.

- Palakasin ang loob ng iyong anak na siya ay isang mahalagang kasapi ng komunidad sa paaralan.
- Sabihin ang anumang mga pag-aalala sa paaralan.
- Makikipagtulungan sa pangkat ng paaralan upang makabuo at maisakatuparan ang mga diskarte na makakapagsuporta sa pakikipag-ugnay ng iyong anak sa pag-aaral.
- Dumalo sa panglutas na pagpupulong tungkol sa pagkakasuspindi ng iyong anak. Ito ay maaaring gawin sa harap-harapan, online o sa telepono na gagamitin ang paraang makapagbibigay ng pinakamahusay na positibong talakayan.
- Kausapin ang iyong anak tungkol sa karapat-dapat na pag-aasal na humuhubog ng positibo, ligtas, malugod na tumatanggap at magalang na kapiligran sa pag-aaral.
- Hikayatin ang iyong anak na aktibong ibahagi ang kanilang mga iniisip at ideya nang magalang.

Pag-aaral mula sa bahay habang nakasuspindi

- Ikaw at ang iyong anak ay regular na tatawagan ng isang kawani ng paaralan habang nakasuspindi.
- Tulungan mo ang iyong anak pag-aaral sa pamamagitan ng pagtatalaga ng malinaw na mga oras ng pagtatrabaho sa araw, pagkaroon ng tahimik na lugar at pagtatanong kung paano ang pag-unlad ng kanyang pag-aaral.
- Tiyakin na siya ay may mga oras ng pagpapahinga, uminom ng tubig at suportahan sila kung nag-aalala o balisa.
- Magbigay ng oras para sa mga pisikal na gawain.
- Pangasiwaan ang iyong anak na ligtas na gumamit ng teknolohiya. Ang lugar na Paggamit ng teknolohiya ([Using technology](#)) ay may impormasyon at mga mapagkukunan na maaari mong pakikinabangan.

Mga Nakakatulong na Ugnay (Links)

- Mga pakete sa pag-aaral ([Learning packages](#))
- Pag-aaral at pansuportang payo para sa may kapansanan ([Disability learning and support advice](#))
- Pakete ng mga magagamit sa pagsuporta ng pag-uugali: suporta sa mga magulang ([Behaviour support toolkit: support for parents](#))
- Pagtulong sa iyong anak sa kanyang pag-aaral sa bahay ([Helping your child learn from home](#))
- Ang [Kids Helpline](#) ay nag-iisang libreng serbisyo ng pagpapayo sa telepono ng Australya para sa mga taong may edad na 5 hanggang 25 taon. Tumawag sa 1800 55 1800.

Ang serbisyo ng interpreter sa telepono

Kung gusto mong tawagan ang paaralan at kailangan mo ng tulong sa pag-Ingles, mangyaring tumawag sa serbisyo ng interpreter sa telepono sa 131 450. Sabihin sa kanila kung anong wika ang kailangan mo at makiusap sa opereytor na tawagan ang paaralan. Kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa telepono upang tumulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka pagbabayaran sa serbisyo ng ito.